EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2025): 8.57 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 12 | Issue:8 |August 2025

# TANIKALANG GINTO SA BAGONG KADAWYAN: MGA HAMON NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG PANANALIKSIK

**Julito A. Orio** [1]
[1]*Student, Graduate School, Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra23638**
**DOI No: 10.36713/epra23638**

**ABSTRAK**

*Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin ang mga hamong naranasan ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan. Ang sinasaklaw sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao. Nilalayon ng mananaliksik na mabigyan ng nararapat na pansin ang mga hamong hinarap at ang mga pamamaraan ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamong ito. Sa ganitong paraan, mas maiintindihan at magiging tiyak ang pakikitungo sa mga mag-aaral. Ang disenyo sa pag-aaral na ito ay kuwalitatibo, Ang kuwalitatibong pananaliksik ay batay sa paglalarawan ng mga obserbasyon. Ang isang kuwalitatibong paraan ay naglalarawan ng estruktura ng mga karanasan habang inihahandog nila ang kanilang sarili sa kamalayan, hindi nakabatay sa teorya kundi ito ay tumutukoy sa mga karanasan ng mga indibiduwal tungkol sa konsepto at penomenolohiya. Ginamit ng mananaliksik ang kuwalitatibong disenyo upang mas maintindihan at maisagawa ang pagsusuri sa mga hamong naranasan ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay tumatalakay sa paggamit ng kuwalitatibong pamamaraan sa pangangalap ng datos tulad ng mga panayam, mga dokumento at datos mula sa pagmamasid ng kalahok at upang maunawaan at ipaliwanag ang mga penomena sa kapaligiran.*

**MGA SUSING SALITA** - *Bagong Kadawyan; Tanikalang Ginto; Mga Hamon ng mga Mag-aaral; Asignaturang Pananaliksik; Rehiyon XI.*

## INTORDUKSIYON

Sa mga paaralan, ang pananaliksik ang isa sa mga pangangailangan na dapat maisagawa ng mga mag-aaral bago sila makapagtapos. Sa kabila ng pagsisikap na ito na naglalayong payabungin ang kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay hindi gaanong nabibigyang-pansin ang mga hamong hinaharap ng mga mag-aaral na siyang pinakasentro at naapektuhan ng pagsasakatuparan nito. Maraming bilang ng mga mag-aaral ang palihim na nagrerebelde ang kalooban dahil isa sa mga kakailanganin nila ang magpasa ng ganitong sulatin. Ito ay karaniwang senaryo sa maraming silid-aralan at halos ay hindi naisaalang-alang ng maraming guro ng wika.

Sa bansang Libya, sa isang pag-aaral ay napag-alaman na ang mga mag-aaral ng pananaliksik ay nahihirapan sa pagtukoy ng kanilang paksa na naayon sa kanilang interes, at pagsulat ng mga kaugnay na mga pag-aaral. Napag-alaman din na ang mga mananaliksik na mag-aaral ay nahihirapan sa pangongolekta at pag-aanalisa sa mga datos na kanilang nakalap. Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, mahihinuha na ang mga mag-aaral sa Libya ay nakararanas ng maraming pagkukulang sa paggawa ng pananaliksik dahil hindi sapat ang kanilang kamalayan sa kahalagahan ng pananaliksik at ang pagsasagawa nito ay itinuturing na isang matrabaho at nakakatakot na gawain para sa kanila. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay nakagagawa ng pananaliksik na may napakahinang kalidad (Alsied at Ibrahim, 2017).

Ayon kina Agoho et al. (2019) sa isang pag-aaral sa lungsod ng Maynila, Ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng mga suliranin sa pagbuo ng papel pananaliksik. Lumabas sa pag-aaral na ito na ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagbuo ng papel pananaliksik ay ang mga sumusunod: Una, ang kakulangan sa karanasan ng mga mananaliksik. Pangalawa, ang pagbuo ng sariling talatanungan o instrumento ng mga mananaliksik. Pangatlo, ang paghahanap ng paksa at pagbuo ng titulo ng mga mananaliksik. Pang-apat, ang magkasalungat na pagkaunawa sa pagitan ng mananaliksik at ng tagapayo. At panghuli, ang suliranin sa pagpili ng pamamaraang estadistika para sa mga datos ng pag-aaral.
Samantala, sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Dabaw napag-alaman ng mananaliksik na ang mga hamon ng mga mag-aaral ay nakatuon sa mga salungatan sa pamamahala ng oras. Bukod pa rito, ang kawalan ng sapat na kaalaman sa kaligiran ay isa ring salik na nakakaapekto sa kanila. Panghuli, hindi lahat sa kanila ay nagkakaroon ng sarili nilang mga *media device* na makakatulong sa kanila na mapabuti ang kanilang pananaliksik.

## REBYU NG LITERATURA

Bilang karagdagan, sinuri ni Mahammoda (2016) ang mga salik na nakakaimpluwensya sa kalidad ng mga mag-aaral sa pananaliksik sa Pamantasan ng Bahir Dar sa Ethiopia upang malaman ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga guro sa pangangasiwa sa pananaliksik ng kanilang mga mag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa mga suliraning pang-akademiko na kinabibilangan ng kawalan ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kursong pananaliksik, mga tagapayo na hindi nagpapakita ng pangako, mga mag-aaral na walang

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2025): 8.57 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 12 | Issue:8 |August 2025

anumang kasanayan sa pagsusuri at mababang pagganyak sa kanilang paksa ng pananaliksik. Ang natuklasan ay nagpakita rin na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa ilang panlipunan at personal na mga kadahilanan na kinabibilangan ng kaunti o walang kaugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral at mga superbisor, walang kasanayan sa pamamahala ng oras at kakulangan ng suportang pinansyal. Ang mga salik na nauugnay sa institusyon ay may kinalaman sa kakulangan ng materyal at mga aklat sa silid-aklatan, kawalan ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsagawa ng pananaliksik, hindi pagkakaroon ng bukas na sistema ng pagtatasa ng pananaliksik at kaunti o walang tulong na kapaligiran sa pananaliksik. Ang lahat ng mga salik na ito ay ang mga pangunahing hadlang at hamon na kinaharap ng mga superbisor sa panahon ng pangangasiwa ng pananaliksik.

Ayon kay Gumapos (2020) ang pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng paghahanap, pagsusuri, at interpretasyon ng mga impormasyon at datos upang maunawaan ang isang partikular na isyu, suliranin, o phenomena. Ang pananaliksik din ay proseso ng pangangalap ng makatotohanang impormasyon na humahantong sa kaalaman. Bilang karagdagan sa pagsagot sa mga tanong, ang isa pang layunin ng pananaliksik ay upang makahanap ng solusyon sa isang problema. Ang mga mananaliksik ay karaniwang naghahanap ng kaalaman mula sa silid-aklatan upang malaman kung ano ang nalalaman tungkol sa isang bagay, kabilang ang mga kaalamang maaaring nakalimutan (Sia at Macaltao, 2020).

Sa pag-aaral naman ni Casanova (2021) sa Occidental Mindoro, ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nakatagpo ng mababa hanggang sa katamtamang mga hamon sa panahon ng pananaliksik dahil ang mga naaprubahang paksa ay nasa saklaw ng kanilang interes, at binigyan sila ng sapat na suporta upang isagawa ang kanilang mga aktibidad sa pananaliksik. Sinusuportahan ng pahayag ang mga natuklasan na ang interes ng indibidwal sa isang partikular makabuluhan ang paksa. Ang pagsasaliksik ng mga paksang hindi kawili-wili ay maaaring makaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral, at doon maaaring maging suliranin sa pagkumpleto ng pag-aaral sa oras. Dagdag pa, ang mga superbisor o tagapayo ay dapat bumuo ng pananaliksik kasanayan at pagkamalikhain sa pamamagitan ng paghahanda ng isang kaaya-ayang kapaligiran sa pagsasaliksik, at sila ay inaasahang tutulong sa kanilang mga mag-aaral malampasan ang mga suliranin sa pananaliksik.

Ang pananaliksik ay ang proseso ng paghanap ng makatotohanang impormasyon na humahantong sa kaalaman. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng nalalaman o napag-alaman dahil ang pananaliksik ay isang mahabang proseso na kung saan ito ay nangangailangan ng mahabang oras at panahon upang magawa ng matagumpay ang isang pag-aaral. Ito ay naglalayong makatuklas ng bagong kaalaman na makakatulong sa bawat indibiduwal, magiging kasangkapan sa pagtuklas ng solusyon sa isang suliranin, umunlad ang sariling kamalayan sa paligid at tumutuklas ng kakayahan ng isang indibiduwal na kung ano ang mga nakaya niyang gawin, at mapabatid ang lawak ng kaalaman sa isang partikular na bagay dahil ito ay humahamon sa kung paano niya sinusuri at iniintindi ang mga impormasyon at datos na makakalap mula sa kaniyang mga kalahok. Ninanais nitong sagutin ang katanungan ng mga mananaliksik at magbigay ng dagdag kaalaman sa mga mambabasa nito at sa mga susunod pa na mga mananaliksik (Labrador, 2018).

Ayon kay Gabion (2013) may limang hakbang sa pagpili at pagbuo ng paksa sa pananaliksik una alamin ang interes, tukuyin kung anong paksa ang tumatawag sa iyong pansin. Pangalawa gawing partikular o ispesipiko ang paksang napili iwasan ang malawak na paksa. Pangatlo, iangkop ang paksang napili ayos sa panahon na inilaan upang matapos ang pananaliksik. Pang-apat, suriin kung ang paksang napili ay napapanahon. At ang huli, tukuyin kung may makakalap na sapat na datos at sanggunian upang maisagawa ang pananaliksik. Sa pagbuo pa lamang ng pamagat at pagpili ng paksa ay may prosesong dapat sundin upang ang paggawa ng isang buong papel na pananaliksik ay maging maayos at kaaya-aya.

Batay sa pananaliksik na isinagawa nina Siguan at Ecija (2020) kinakailangang makapag-ambag nang mabuti ang mga mag-aaral o mananaliksik ng anumang mga mapagkukunan o sanggunian upang matagumpay na maisakatuparan ang pananaliksik. Pagkakaisa o kooperasyon ang isa sa kinakailangan dahil kahit ang suliraning pinansyal ay malalampasan kung may pagkakaisa at pagdamay. Ang pamamahala sa oras ay dapat itanim sa isipan ng mga mag-aaral upang mas magkaroon ng kamalayan tungkol sa pagtatatag ng mga gawain, pagtatakda ng mga layunin, at pag-unawa sa mga prayoridad. Ang asignaturang pananaliksik ay hindi dapat maliitin ng mga mga mag-aaral sapagkat ito ay makatutulong para sa lokal at o pambansang kaunlaran kasama ng Agham at Teknolohiya. Makabubuti rin na kung ang mga tagapangasiwa ng mga paaralan ay makapagsisimula ng mga programa na nagpapahiwatig ng epekto ng pananaliksik sa mga paaralan.

## MGA KATANUNGAN SA PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman kung ano ang hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan. Ninanais din ng pag-aaral na ito na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan?
2. Paano hinarap ng mga mag-aaral ang mga hamon sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan?
3. Ano-ano ang mga kabatirang natutuhan ng mga mag-aaral mula sa mga hamong hinarap sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan?

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2025): 8.57 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 12 | Issue:8 |August 2025

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyo sa pag-aaral na ito ay kuwalitatibo. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay batay sa paglalarawan ng mga obserbasyon. Ang isang kuwalitatibong paraan ay naglalarawan ng estruktura ng mga karanasan habang inihahandog nila ang kanilang sarili sa kamalayan, hindi nakabatay sa teorya kundi ito ay tumutukoy sa mga karanasan ng mga indibidwal tungkol sa konsepto at penomenolohiya (Creswell, 2007).

Ginamit ng mananaliksik ang kuwalitatibong disenyo upang mas maintindihan at maisagawa ang pagsusuri sa mga saloobin ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay tumatalakay sa paggamit ng kuwalitatibong pangangalap ng mgha datos tulad ng mga panayam, mga dokumento at datos mula sa pagmamasid ng kalahok at upang maunawaan at ipaliwanag ang mga penomena sa kapaligiran. Ginamit nito ang malalim na pag-aaral ng mga maliit na pangkat ng mga tao upang gabayan at suportahan ang pagbuo ng mga pagpapalagay (Creswell, 2009).

Maaaring isipin ng mga tagatugon na ang kuwalitatibong pananaliksik ay parang isang pag-uusap lamang at hindi pakikipanayam, ngunit kailangang magabayan ng mananaliksik ang pag-uusap na may layuning mangalap ng impormasyon mula sa isang tugon. Ang disenyong ito ay gagamit ng katanungang *open-ended*, na kung saan ang mga tanong ay ibinigay ng mananaliksik ngunit walang pagpipiliang sagot. Sa tulong ng *open-ended* na katanungan ang bawat kalahok ay nakapaglahad ng malalim at maayos na sagot, dahil ang kanilang tugon ay hindi limitado.
Ang mga kuwalitatibong tanong sa pananaliksik ay karaniwang nakatuon sa kung bakit nangyari ang isang karanasan, o mga naganap na bagay na hindi pangkaraniwan, kung paano ito naglahad at kung ano ang ibig sabihin nito (Rubin at Rubin, 2012). Para sa kadahilanang ito, ang mga katanungan sa pakikipanayam ay kailangang may kakayahang makapagbigay ng isang malalim na tugon na nauugnay sa paksa.

Ang isang katanungan sa pakikipanayam ay maaaring masuri na may paggalang sa parehong pampakay at dinamikong sukat, pampakay na may kinalaman sa paggawa ng kaalaman at dinamiko patungkol sa ugnayan ng interpersonal na panayam. Ang magandang tanong sa pakikipanayam ay dapat magbigay ng kaalaman tungkol sa pagkilala sa mga tema at dinamikong pagtaguyod ng isang mahusay na pakikipag-ugnayan sa pakikipanayam (Kvale at Brinkmann, 2015). Ang talatanungan ng pag-aaral na ito ay naglalaman ng ng iba't ibang tanong kaugnay sa mga saloobin ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan.

### Mga Kalahok ng Pananaliksik

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito, sa pagpili ng kalahok ang paraang ginamit ay *purposive sampling*, sapagkat ito ay nagbibigay-daan sa mga sa akin na kumuha ng maraming impormasyon mula sa mga datos na nakalap at umaaayon sa kaniyang paghuhusga sa pagpili ng kalahok para sa pag-aaral. Pinayagan din ako na ilarawan ang pangunahing epektong natuklasan mula sa mga kalahok.

Ang *purposive sampling* ay isang *non-probability sampling* na pamamaraan. Nangyayari ito kapag ang mga elementong napili para sa *sample* ay pinili ayon sa paghatol ng mananaliksik batay na rin sa mga tiyak na kategorya, pamantayan at katangian. Ang mga mananaliksik ay madalas na naniniwala na maaari silang makakuha ng isang kinatawan sa pamamagitan ng paggamit ng isang mahusay na paghuhusga ayon sa mga tanggap nang mga simulain (Patton, 2015).

Sa pag-aaral na ito, ako ay naghanap ng sampung (10) kalahok na mga mag-aaral na may asignaturang pananaliksik sa Senior High School sa isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Davao. Napili ko ang sampung (10) mga kalahok na ito dahil sila ang tunay na makatutugon sa mga katanungan sa pag-aaral na ito. Lima (5) sa kanila ay lumahok sa In-depth Interview (IDI) at ang lima (5) naman ay lumahok sa Focus Group Discussion (FGD). Sila ang naging kalahok upang makamit ang layunin ng pananaliksik na magalugad ang mga saloobin ng mga mag-aaral sa asignaturang pananaliksik sa bagong kadawyan.

### Paglikom ng mga Datos

Sa kuwalitatibong pananaliksik, hindi na kinakailangang makuha ang mga datos mula sa lahat ng mga tao sa komunidad. Naging batayan ng mananaliksik ang limang sistematikong hakbang sa paglikom ng mga datos na iminungkahi ni Creswell (2013).

Unang-una, ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulan na maaaring kasangkot sa pag-aaral. Ito ay bahagi ng etikal na proseso ng pananaliksik na dapat isaalang-alang at sundin bilang mananaliksik. Kumuha ako ng liham pahintulot mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado at dahil ang ninanais na kalahok ng pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral sa Senior High School, hiniling ko rin ang pahintulot mula sa punong-guro o tagapangasiwa ng paaralang ninanais maging kalahok sa pag-aaral na ito.

Pangalawa, ang pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik, ang mga kalahok ay pinili batay sa hinihingi ng pag-aaral. Upang maisagawa ang pag-aaral sa kanilang paaralan ipauunawa ko sa mga kalahok ang kahalagahan ng kanilang partisipasyon. Lahat ng mga paunawa tulad ng kanilang karapatang huminto bilang kalahok ay binigyang-diin. Kinakailangang sila ay labing-walong taong gulang hanggang dalawampung taong gulang na may asignaturang pananaliksik sa Senior High School. May sampung (10) kalahok para sa pag-aaral na ito na lumahok sa pamamagitan ng In-depth Interview at Focus Group Discussion.

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2025): 8.57 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 12 | Issue:8 |August 2025

Pagkatapos nito, ako ay nakipag-ugnayan sa mga kalahok kasabay ng pagbibigay ng pormal na liham-pahintulot bilang pagpapabatid na bahagi sila ng pananaliksik. Gayundin, ako ay nagpadala ng liham sa punongguro ng mga kalahok na kasali sa pananaliksik. Sila ay may kusang-loob na nagdesisyon kung nais nilang maging bahagi ng pananaliksik. Kasama sa hakbang na ito ang oryentasyon bilang pagtalaga ng takdang oras at lugar kung saan isinagawa ang panayam.

Pangatlo, sa yugtong ito ay ipapabatid sa mga kalahok na ang gagawing panayam ay itatala at dadaan sa transkripsiyon. Pinagsumikapan ko na pangangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga alyas o ibang katawagan at ang kabuuan ng mga impormasyon ay ginamit lamang para sa pananaliksik. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang mga paraan ng pagdokumento ng kanilang mga tugon gamit ang cellphone recording, pagkatapos ay isinalin ito sa usapang paraan upang patunayan ang kaangkupan at kabisaan ng resulta.

Pagkatapos na maisagawa ang pinalalim na panayam at nakuha ang mga datos mula sa kasagutan ng mga kalahok, isinalin ko ang kanilang mga kasagutan sa paraang verbatim. Humingi ako ng tulong mula sa aking tagapayo ng pananaliksik at sa mga pantas upang maiwasto ang mga tema.

Sa huling hakbang, isasaalang-alang ko ang etikal na mga simulain habang nagsasagawa ng pag-aaral. Ang pagiging sensitibo ngsa hamon ng sistematikong paraan ay isang mabuting simulain sa pagkakaroon ng isang organisadong pag-aaral. Ang hakbang na ito ay ayon sa ideya ni Patton (2015), na ang mga kalahok ng kuwalitatibong pananaliksik ay dapat alam nang husto ang kanilang partisipasyon sa pangkalahatang talakayan.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa huling seksyong ito, ipapaliwanag ang mga pamamaraan ng pagsusuri ng datos at ang mga hakbang na ginawa upang matiyak na ang mga resulta mula sa pag-aaral na ito ay kapani-paniwala, maililipat, maaasahan, at tunay ay puspusang mailalarawan. Upang gabayan ang pagsusuri ng datos, ginamit ko ang mga pamamamaraan ng Tematikong Pagsusuri ni Colaizzi. Ito ay binubuo ng pitong yugto: (a) Transkripsyon; (b) Paghango ng mga Makabuluhang Pahayag; (c) Pagbuo ng mga Kahulugan; (d) Kategorya, Pagklaster ng mga Tema; (e) Depinisyon ng mga Tema; (e) Pagkakaltas ng Resulta; at (f) Balidasyon ng mga Resulta.

Ang lahat ng na-itranskrayb na mga datos ay binasa ng ilang beses upang makuha ang kahulugan ng mga karanasan at kwentong ibinahagi ng mga kalahok. Sa yugtong ito, ako ay naging pamilyar sa mga datos o impormasyon, sa pamamagitan ng pagbabasa sa lahat ng mga pahayag ng kalahok nang maraming beses. Hinango mula sa bawat transkripsiyon ang mahahalagang pahayag at parirala na may kaugnayan sa mga katanungan ng pananaliksik. Ang mga pahayag na ito ay naka-code ayon sa "transcript at codenames". Matapos kunin ang mahahalagang pahayag mula sa iskrip, sinuri ko ang mga ito at kumuha ng mga mahahalagang pahayag mula sa transkripsiyon.

Ang mga kahulugan ay binalangkas sa isang makabuluhang pahayag. Ang bawat isa sa mga pangunahing kahulugan ay naka-code bilang isang kategorya dahil ito ay sumasalamin sa isang masusing paglalarawan. Matapos magkaroon ng kasunduan sa lahat ng nabuong kahulugan, ang proseso ng pagpapangkat ng lahat ang mga nakabalangkas na kahulugang ito sa mga kategoryang nagpapakita ng natatanging istruktura ng mga kumpol ng mga tema ay pinasimulan. Ang bawat kumpol ng tema ay na-code upang isama ang lahat ng nabuong kahulugan na nauugnay sa pangkat ng mga kahulugan na iyon. Pagkatapos nito, ang pangkat ng mga tema na nagpapakita ng isang partikular na pananaw o isyu ay pinagsama-sama upang makabuo ng isang natatanging tema.

Ang lahat ng umuusbong na tema ay tinukoy sa isang kumpletong paglalarawan matapos pagsamahin ang lahat ng mga tema ng pag-aaral. Pagkatapos noon, naghanap ako ng isang dalubhasang mananaliksik na nagrepaso sa mga natuklasan upang masuri ang kakanyahan nito at upang magbigay ng sapat na paglalarawan at kumpirmahin na ang kumpletong paglalarawan ay sumasalamin sa penomenang pinag-aaralan. Sa wakas, ang pagpapatunay ay iminungkahi ng isang pantas sa pananaliksik.

Ang pagkakaltas o pagbabawas mula sa mga resulta ng pag-aaral ay inilapat kung saan ang mga paglalarawang mali ang kinakatawan o labis na mga pahayag ay inalis mula sa pangkalahatang istruktura. Sa huli ay pinatunayan ang mga natuklasan sa pag-aaral gamit ang "member checking" na pamamaraan. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga natuklasan sa pananaliksik sa mga kalahok at pagtalakay sa resulta sa kanila. Ang mga pananaw ng mga kalahok sa mga resulta ng pag-aaral ay nakuha nang direkta sa kanila. Ang hakbang na ito ay ginawa ko habang kinukuha ang pagsang-ayon mula sa mga kalahok nang maaga sa unang panayam. Sa kalaunan, ipinakita ng lahat ng kalahok ang kanilang kasiyahan sa mga resultang ito na ganap na sumasalamin sa kanilang mga damdamin at karanasan.

**Pagtalakay sa mga Natuklasan**

Ang pagsusuri sa mga datos ng pananaliksik na ito ay nagsiwalat ng tatlong tema, ito ay ang*: Kahalagahan ng Kasanayan sa Pagkatuto, Pagtutulungan at Pag-unawa sa Bawat Kasapi, at Pagpapatuloy ng Pakikiisa at Pakikilahok*. Ang unang tema ay mayroong apat na sub-tema, ito ay ang: *Kolaborasyon at Pakikiisa ng mga Kasapi, Pagkakaroon ng Sapat na Kakayahang PInansyal, at Katbatiran sa Paksa at Proseso.* Sa katulad na paraan, ang ikalawang tema ay nagsiwalat din ng apat na sub-tema, ito ay ang: *Kooperasyon at Determinasyon ang Prayoridad, Pamamahala sa Oras at Tiyaga, Paglalahad ng Pangako sa Pakikilahok, at Maisakatuparan ang Kabuuan ng*

EPRA International Journal of Environmental Economics, Commerce and Educational Management
Journal DOI: 10.36713/epra0414 |ISI I.F Value: 0.815|SJIF Impact Factor (2025): 8.57 ISSN: 2348 – 814X
Volume: 12 | Issue:8 |August 2025

*Pananaliksik sa Tamang Oras.* Sa wakas, ang ikatlong tema ay nagsiwalat ng apat na subtema, ito ay: *Ang Pasensya ay Isang Birtud, Ang Umaayaw ay hindi Nagwawagi, Ang Buhay ay Nasusukat sa Dami ng Kaalaman at Pananaliksik ang Simula ng Bagong Kaalaman.* Ang mga temang ito ay hango mula sa mga tugon ng mga partisipante sa pakikipanayam.

**Implikasyon**
Ang asignaturang Pananaliksik ay isa sa mga pangunahing asignatura na kinakailangan ng mga mag-aaral sa kanilang kolehiyo. Sa paglipas ng panahon, mayroong mga nagbabago at nagiging bago sa mga kaalaman at kaisipan ng mga tao, kaya't kinakailangan ng mga mag-aaral na mas mahusay at mas malawak na kasanayan sa pananaliksik upang maunawaan ang mga bago at luma na mga ideya at konsepto.

Ang mga mag-aaral ay nakakatugon sa mga hamon ng pananaliksik sa bagong kadawyan sa pamamagitan ng pagiging mas kritikal sa mga datos, paglalagom ng mga resulta, at pagsusuri ng mga panganib at oportunidad na kaakibat ng pag-aaral ng isang partikular na paksang pinag-aaralan. Ang bawat hamon ay mayroong magandang epekto sa pananaliksik, na maaaring magresulta sa mas mataas na kalidad ng pananaliksik, pagpapalawig ng kaalaman at pag-unawa, mas malaking pagpapahalaga sa pananaliksik, at pagtugon sa mga hamon ng lipunan. Sa pagiging mas kritikal sa mga datos, ang mga mag-aaral ay nagiging mas maingat sa kanilang pagpili ng mga datos na kanilang gagamitin sa pananaliksik. Sa halip na pumili ng mga datos na walang basehan, mas pinipili nila ang mga datos na mas may katumpakan at may sapat na batayan.

Sa paglalagom ng mga resulta, mas nagiging malinaw ang pagpapakita ng mga natuklasan sa pananaliksik at mas madaling maihahayag ang mga konklusyon. Sa pagsusuri ng mga panganib at oportunidad na kaakibat ng pag-aaral ng isang partikular na paksang pinag-aaralan, ang mga mag-aaral ay nagiging mas mapanuri at mabusisi sa kanilang mga resulta. Sa pagbibigay ng mga rekomendasyon, nagiging mas nagiging may basehan ang kanilang mga pahayag, at mas mayroong mas malawak na pananaw ang kanilang mga rekomendasyon.

Sa kabuuan, mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral sa Pananaliksik ang mga hamon sa bagong kadawyan upang makamit nila ang kanilang mga layunin sa pananaliksik. Sa pagtugon sa mga hamon ng pananaliksik, nakakapagbigay ng malawak na kaalaman at pag-unawa sa mga kaalaman at konsepto na kailangan nila upang magtagumpay sa kanilang mga layunin. Sa pagkakaroon ng mas mataas na kalidad ng pananaliksik, mas nakakatugon ang mga mag-aaral sa mga hamon ng lipunan at nagiging mas mabisa sa pagtugon sa mga suliranin at problema ng Lipunan.

**Mga Direksiyon sa Hinaharap**
Ang Kagawaran ng Edukasyon ay kinakailangan na paunlarin ang paglalaan ng mga pondo at mga suportang teknikal upang matulungan ang mga paaralan na isagawa ang kanilang mga sariling pananaliksik. Ito ay magtutulak sa mga paaralan na magsagawa ng mga malalim na pag-aaral tungkol sa mga suliranin sa edukasyon, pamamaraan ng pagtuturo, at iba pang kaugnay na mga isyu. Maari din na isulong ang mga reporma sa kurikulum na naglalayong palakasin ang mga kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral kasama ang pagpapalakas ng asignaturang pananaliksik sa iba't ibang antas ng edukasyon. Higit sa lahat, magtakda ng mga pamantayan at kuwalipikasyon upang matiyak na ang mga guro ng asignaturang pananaliksik ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa larangan ng pananaliksik. Maaaring isagawa ang isang proseso ng paghahalal o pagpili upang matiyak na ang magiging guro sa asignatura ay mga pantas sa larangan.

Ang mga guro sa asignaturang pananaliksik ay dapat magbigay ng malinaw na gabay sa paggawa ng pananaliksik. Magsagawa ng mga pagsasanay na magtuturo sa mga mag-aaral kung paano magbuo ng maayos na mga tanong sa pananaliksik, kung paano maghanap ng tamang sanggunian at kung paano magbuo ng maayos na presentasyon ng mga resulta ng kanilang pananaliksik. Magbigay ng mga halimbawa ng magandang mga pananaliksik. Magbigay ng mga halimbawa ng mga malinis at organisadong mga pananaliksik upang magbigay ng tamang pag-iisip sa mga mag-aaral kung paano dapat gawin ang kanilang pananaliksik. Tukuyin ang mga tamang sanggunian na maaaring gamitin ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ibigay sa mga mag-aaral ang mga kasanayan na kinakailangan sa pagsasagawa ng pananaliksik tulad ng paghahanap ng mga kongkreto at reliable na datos. Magbigay ng tamang suporta sa mga mag-aaral sa kanilang pananaliksik.

Maaring magbigay ng pagsasanay upang tulungan ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik, paggawa ng mga sarbey, mga talatanungan, pagpili ng mga kalahok, at iba pa. Magbigay ng palagiang pidbak sa mga mag-aaral. Makinig sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang mga proyekto at magbigay ng mga konstruktibong puna upang matulungan silang mapabuti ang kanilang mga gawain. Pagbutihin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang malinaw at organisadong pagsulat ay mahalagang kasanayan sa pananaliksik, kaya maaaring magbigay ng mga pagsasanay sa pagsulat na may kaugnayan sa pananaliksik. Sa kabuuan, ang mga guro ay may mahalagang papel sa pagtuturo ng mga kasanayan sa pananaliksik sa kanilang mga mag-aaral. Ang mga guro ay dapat magbigay ng malinaw na gabay sa paggawa ng pananaliksik, magbigay ng suporta sa mga mag-aaral, at magbigay ng mga halimbawa ng mga magandang pananaliksik. Inirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon ng mas malawak na pag-aaral sa mga hamong hinarap ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang kuwantitatibong disenyo.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Creswell, J.W. (2007). Qualitative inquiry and research design: Choosing among approaches (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage. Retrieved November 5, 2018, from http://psycnet.apa.org/record/2006-13099-000*
2. *Creswell, J. W. (2009). Designing and conducting mixed methods research. Los Angeles: SAGE Publications. Retrieved November 5, 2018, from https://in.sagepub.com/en-in/sas/designing-and-conducting-mixed-methodsresearch/book233508*
3. *Creswell, J.W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches. SAGE Publications. https://us.sagepub.com/en-us/nam/qualitative-inquiry-and-research-design/book246896*
4. *Gabion D. (2013). Mga Hakbang sa Pagpili at Pagbuo ng isang Paksa ng Pananaliksik.https://www.academia.edu/31650179/Mga_Hakbang_sa_pagpili_at_pagbuo_ng_Paksa*
5. *Kvale, S. at Brinkmann, S. (2015) Interviews: Learning the Craft of Qualitative Research Interviewing. 3rd Edition,Sage Publications, Thousand Oaks, CA.https://www.scirp.org/(S(351jmbntvnsjt1aadkposzje))/reference/References*
6. *Labrador, F. D. (2018). Sitwasyong Kinakaharap ng Mag-aaral ng Senior High School sa Dalig National High School tungkol sa Pananaliksik. https://www.academia.edu/38304026*
7. *Patton, M. Q. (2015). Qualitative research and evaluation methods: Integrating theory and practice 94th ed.). Thousand Oaks, CA: Sagej*
8. *Rubin H. at Rubin I. (2012). Qualitative interviewing: The art of hearing data. (2nd ed.) https://doi.org/10.4135/9781452226651*
9. *Siguan C., at Ecija J. (2020). Challenges Encountered By Senior High School Students' Researchers In Salcedo 1 District. Central Asian Journal of Literature, Philosophy and Culture, 1(1), 26-28. https://doi.org/10.47494/cajlpc.v1i1.49*